MAY PROBLEMA?


## KAYA MO 'YAN!






### MAKIPAG-USAP

Ang pagsasabi ng problema sa kaibigan, kapamilya o taong mapagkakatiwalaan mo ay **nakagagaan sa dibdib**. Bukod dito, puwede rin silang makatulong sa'yo, sa malaki o maliit man na bagay o paraan.



### KUMONSULTA

Lumapit ka sa iyong guro, o sa pinuno ng inyong simbahan. Depressed ka ba? Kumonsulta sa doktor. Mahalagang malaman mo na **may mga makatutulong sa'yo**.



### MAGING AKTIBO

Mag-ehersisyo. Kahit sa loob ng bahay ay puwede mo itong gawin. **Healthy body, healthy mind 'ika nga.**




### MAGTIWALA

**Magtiwala** ka sa sarili mo at sa kakayahan mo. Bigyan mo ng pagkakataon ang sarili mong **magbago**.

# Bakit BAWAL ang BAWAL na GAMOT?

## NAKAMAMATAY

Ang gumagamit ng shabu ay maaaring mamatay dahil sa cardiac arrest, o di kaya ay mamatay sa drug overdose.

## NAKASISIRA NG KATAWAN

Di paggana ng kidney, pagkakaroon ng hepatitis, ang ilan sa mga sakit na puwedeng idulot nito sa ating katawan.

Pwede ring mahawa sa sakit tulad ng AIDS kung nagamit ang syringe ng drug user na meron nito.

Nagiging nerbiyoso o bayolente din na nagiging dahilan ng aksidente o kamatayan ng user o ng ibang tao.

## NAKAGAGAWA NG KRIMEN

Para matustusan ang pagkagumon sa bawal na gamot, nagnanakaw ang ilang mga drug user. May iba na sumasabak sa prostitusyon, pagsusugal o paggawa ng ibang krimen na lalo lang nagpapalala sa sitwasyon.

## NAKAAAPEKTO NG PAG-IISIP

**Psychosis** *(paghiwalay sa realidad)*, **schizophrenia** *(sakit sa pag-iisip kung saan nakararanas ng psychosis, disorganized speech, paranoia o mapanghinala at takot sa tao)* ang ilan sa mga sakit sa pag-iisip na dulot ng bawal na gamot.

Puwede itong maging sanhi ng pagpapakamatay o pagpatay sa ibang tao.




**MAY SOLUSYON, PERO HINDI DROGA. SAY NO TO DRUGS.**

**PROBATION** ANG PROBATION O SUBOK-LAYA AY ISANG DESISYON KUNG SAAN ANG ISANG NAHATULAN AY HINDI IKUKULONG KAPALIT NG PAGSUNOD SA ILANG KONDISYON NA ITINAKDA NG HUKUMAN, AT PAGSAILALIM SA PANGANGASIWA NG ISANG PROBATION OFFICER.

## KAILAN AT SAAN DAPAT MAG-APPLY O MAGPETISYON PARA MABIGYAN NG PROBATION?

ANG APLIKASYON O PETISYON PARA MABIGYAN NG PROBATION AY DAPAT ISUMITE SA KORTE SA LOOB NG LABINLIMANG (15) ARAW MATAPOS MAHATULAN O MATANGGAP ANG ABISO NG HATOL.

## ANO ANG MGA KONDISYON NA DAPAT SUNDIN NG ISANG PROBATIONER?




HUMARAP SA PROBATION OFFICER SA LOOB NG 72 ORAS MATAPOS MABIGYAN O MAILAGAY SA PROBATION.



MAGPAKITA SA ARAW, ORAS, AT PARAAN NA ITINAKDA NG PROBATION OFFICER.



SUNDIN ANG MGA KONDISYON NA ITINAKDA NG KORTE PARA SA PAGBABAGONG-BUHAY.

## ANG MGA SUMUSUNOD AY HINDI MAAARING MAG-APPLY NG PROBATION:

1. NAHATULAN NG HIGIT SA ANIM NA TAONG (6 YEARS) PAGKAKAKULONG;
2. NAHATULAN NG PAGLABAG SA KRIMEN NA ITINUTURING NA LABAG SA SEGURIDAD NG ESTADO;
3. KUNG ANG APLIKANTE AY DATI NANG NASENTENSIYAHAN NG PAGKAKAKULONG NG MAHIGIT NA ANIM NA BUWAN (6 MONTHS) O MAGBAYAD NG MULTA NA HIGIT SA ISANLIBO.
4. ANG MGA DATI NANG NAILAGAY O NABIGYAN NG PROBATION AYON SA PRESIDENTIAL DECREE NO. 968.

# MAY PAG-ASA SA SUBOK-LAYA

Kung may tanong o paglilinaw, kontakin ang Probation Office sa inyong lugar.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website o Facebook page.

Website: ***https://probation.gov.ph***
Facebook page: ***@ProbationOfficialPH***

